Para más detalles en español, llame al (626) 543-2640 para el área de servicio de San Jose Hills, o al (562) 944-8219 para el área de servicio de Whittier/La Mirada. Para obtener una copia de este aviso en español visite nuestro sitio web en www.swwc.com/suburban/announcements/

有關中文的更多詳情，請致電 (626) 543-2640到San Jose Hills服務區，或致電 (562) 944-8291到Whittier / La Mirada服務 http://www.swwc.com/suburban/announcements/ 區。有關本通知的中文版，請訪問我們的網站：www.swwc.com/suburban/announcements/

한국어로 자세한 정보를 원하시면 San Jose Hills 서비스 지역은 (626) 543-2640으로 전화하거나 Whittier / La Mirada 서비스 지역은 (562) 944-8219로 전화하십시오. 한국어로 된이 통지서 사본은 웹 사이트 www.swwc.com/suburban/announcements/

Để biết thêm thông tin bằng tiếng Việt, hãy gọi khu vực dịch vụ San Jose Hills theo số (626) 543-2640 hoặc khu vực dịch vụ Whittier / La Mirada theo s ố (562) 944-8219. Để có một bản sao của thông báo này bằng tiếng Việt, vui lòng truy cập www.swwc.com/suburban/announcements/

Para sa karagdagang impormasyon sa Tagalog, tawagan ang lugar ng serbisyo ng San Jose Hills sa (626) 543-2640 o lugar ng serbisyo ng Whittier / La Mirada sa (562) 944-8219. Para sa isang kopya ng tagalog na ito ng paunawa, mangyaring bisitahin ang www.swwc.com/suburban/announcements/

# ABISO NG APLIKASYON NG SUBURBAN WATER SYSTEMS
# KAHILINGANG TAASAN ANG SINGIL NG TUBIG APPLICATION A.23-01-001

## Bakit ko natatanggap ang abisong ito?

Noong Enero 3, 2023, naghain ang Suburban Water Systems (Suburban) ng isang General Rate Case (GRC) na aplikasyon (A.23-01-001), sa California Public Utilities Commission (CPUC) na humihiling na taasan ang singil para sa 2024, 2025, at 2026. Kung aaprubahan ng CPUC ang aplikasyong ito, mababawi ng Suburban ang mga tinatayang gastos sa mga singil sa loob ng tatlong taong yugto simula Enero 1, 2024, at magtatapos sa Disyembre 31, 2026. Maaapektuhan nito ang iyong bayarin.

## Bakit hinihiling ng Suburban ang taas-singil na ito?

Inatasan ng CPUC ang Suburban na maghain ng aplikasyong GRC bawat tatlong taon. Ang layunin ng GRC na ito ay para mabawi ng Suburban ang mga inaasahang gastos nito mula Enero 2024 hanggang Disyembre 2026. Inaasahan ng Suburban na kakailanganin nitong pataasin ang mga singil sa panahong ito bilang resulta ng (1) pagbaba ng benta ng tubig bawat kostumer mula sa patuloy na pagtitipid, at (2) pagtaas ng gastos sa produksyon, kabilang ang pagbili ng tubig at enerhiya.

## Paano ito makakaapekto sa aking bayarin sa tubig?

Kung ang kahilingan sa pagtaas ng singil ng Suburban ay inaprubahan ng CPUC gaya ng iminungkahi, ang mga epekto sa karaniwang buwanang bayarin sa residensyal na kostumer na gumagamit ng 14 ccf (1 ccf = 100 cubic feet o 780 galon ng tubig) bawat buwan para sa isang ¾ pulgadang metro, **hindi kasama ang anumang naaangkop na surcharge maliban sa CPUC reimbursement fee**, ay magiging ganito:

| | 2024 | 2025 | 2026 |
|---|---|---|---|
| San Jose Hills Service Area 1 | | | |
| Kasalukuyang Halaga | $80.17 | $94.99 | $101.21 |
| Halaga ng Pagtaas | $14.82 | $6.22 | $5.25 |
| Bagong Bayarin | $94.99 | $101.21 | $106.46 |
| Porsyento ng Pagtaas | 18.5% | 6.5% | 5.2% |
| Whittier/La Mirada Service Area 2 | | | |
| Kasalukuyang Halaga | $75.27 | $91.30 | $94.93 |
| Halaga ng Pagtaas | $16.03 | $3.63 | $4.93 |
| Bagong Bayarin | $91.30 | $94.93 | $99.86 |
| Porsyento ng Pagtaas | 21.3% | 4.0% | 5.2% |

Sa ilalim ng mga iminungkahing singil, sa Enero 1, 2024, ang buwanang bayarin para sa pribadong serbisyo sa sunog ay tataas mula $28.16 hanggang $33.73 bawat pulgadang dayametro ng koneksyon sa serbisyo. Pagkatapos ay tataas ito sa $35.57 sa Enero 1, 2025, at magiging $37.42 sa Enero 1, 2026. Sa Enero 1, 2024, ang buwanang bayarin para sa serbisyo ng fire hydrant ay tataas mula $37.25 hanggang $44.62 para sa bawat 6-pulgada na karaniwang fire hydrant. Pagkatapos ay tataas ito sa $47.05 sa Enero 1, 2025, at magiging $49.50 sa Enero 1, 2026.

Para sa mga kwalipikadong residensyal na kostumer na naka-enroll sa programang tulong sa singil ng Suburban para sa kumikita nang mababa, ang karaniwang kostumer na may 3/4-pulgadang metro na gumagamit ng 14 Ccf bawat buwan ay magiging ganito:

| | 2024 | 2025 | 2026 |
|---|---|---|---|
| San Jose Hills Service Area 1 | | | |
| Kasalukuyang Halaga | $71.34 | $84.42 | $90.05 |
| Halaga ng Pagtaas | $13.08 | $5.63 | $4.67 |
| Bagong Bayarin | $84.42 | $90.05 | $94.72 |
| Porsyento ng Pagtaas | 18.3% | 6.7% | 5.2% |
| Whittier/La Mirada Service Area 2 | | | |
| Kasalukuyang Halaga | $66.44 | $80.72 | $83.77 |
| Halaga ng Pagtaas | $14.28 | $3.05 | $4.34 |
| Bagong Bayarin | $80.72 | $83.77 | $88.11 |
| Porsyento ng Pagtaas | 21.5% | 3.8% | 5.2% |

Ang California ay kasalukuyang nasa Katayuan ng Emerhensiya dahil sa Tagtuyot. Maaaring mabawasan o tuluyang maalis ng mga kostumer ang epekto ng mga pagtaas na ito sa pamamagitan ng pagtitipid ng tubig.

Ang iminungkahing pagtaas ng kita ay nakabalangkas sa tsart sa ibaba ayon sa klase ng kostumer at ipinapalagay na inaprubahan nang buo ng CPUC ang hiniling na pagtaas ng singil.

Mga Iminungkahing Pagtaas (Sa Libong Dolyar)

| | Kasalukuyang Kita | Pagtaas sa 2024 | | Pagtaas sa 2025 | | Pagtaas sa 2026 | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Klase ng Kostumer | $ | $ | % | $ | % | $ | % |
| Residensyal | 70,493.6 | 13,781.1 | 19.55 | 4,283.2 | 5.28 | 4,442.4 | 5.20 |
| Negosyo | 20,283.1 | 4,124.2 | 20.33 | 1,425.7 | 5.87 | 1,338.2 | 5.20 |
| Industiyal | 1,867.3 | 386.4 | 20.69 | 164.3 | 7.29 | 125.7 | 5.20 |
| Pampublikong Awtoridad | 3,723.9 | 782.7 | 21.02 | 257.6 | 5.72 | 247.7 | 5.20 |
| Iba pang Mga Utilidad ng Tubig na Muling Ibinibenta | 49.1 | 10.0 | 20.27 | 2.2 | 3.68 | 3.2 | 5.20 |
| Serbisyo sa Tubig ng Konstruksyon | 186.6 | 34.5 | 18.50 | 9.7 | 4.16 | 12.7 | 5.20 |
| Serbisyo ng Pribadong Proteksyon sa Sunog | 1,822.7 | 360.7 | 19.79 | 120.4 | 5.45 | 121.2 | 5.20 |
| Serbisyo ng Fire Hydrant sa Pribadong Pag-aari | 223.1 | 44.1 | 19.79 | 14.7 | 5.45 | 14.8 | 5.20 |
| Recycled na Tubig | 1,223.7 | 240.1 | 19.62 | 115.1 | 7.86 | 82.1 | 5.20 |
| KABUUAN | 99,873.2 | 19,764.0 | 19.79 | 6,392.9 | 5.49 | 6,388.0 | 5.20 |

**Paano gumagana ang natitirang bahagi ng prosesong ito?**

Ang aplikasyong ito ay itatalaga sa isang Administratibong Hukom ng Batas ng CPUC na isasaalang-alang ang mga mungkahi at ebidensya na ipakikita sa panahon ng pormal na proseso ng pagdinig. Ang Administratibong Hukom ng Batas ay maglalabas ng iminungkahing desisyon na maaaring magpatibay, baguhin, o tanggihan ang aplikasyon ng Suburban. Ang sinumang Komisyoner ng CPUC ay maaaring mag-isponsor ng kahaliling desisyon na may ibang resulta. Ang iminungkahing desisyon, at anumang mga alternatibong desisyon, ay tatalakayin at

pagbobotohan ng mga Komisyoner ng CPUC sa isang pampublikong Pulong sa Pagboboto ng CPUC.

Ang mga partido sa pagdinig ay susuri sa aplikasyon ng Suburban, kabilang ang Public Advocates Office, na isang independiyenteng tagapagtaguyod ng mamimili sa loob ng CPUC na kumakatawan sa mga kostumer para makuha ang pinakamababang posibleng singil para sa serbisyo na naaayon sa maaasahan at ligtas na mga antas ng serbisyo. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa **1-415-703-1584**, mag-email sa PublicAdvocatesOffice@cpuc.ca.gov, o bumisita sa **PublicAdvocates.cpuc.ca.gov**.

Ang iyong pakikilahok sa pamamagitan ng pagbibigay ng iyong mga saloobin sa kahilingan ng Suburban ay makatutulong sa CPUC na gumawa ng matalinong desisyon. Mangyaring bumisita sa **apps.cpuc.ca.gov/c/A2301001** para magsumite ng komento tungkol sa pagdinig na ito sa CPUC Docket Card. Dito ay maaari mo ring tingnan ang mga dokumento at iba pang pampublikong komento na nauugnay sa pagdinig na ito.

**Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon? Makipag-ugnayan sa Suburban**

Website: www.swwc.com/suburban Telepono: **1-626-543-2531**

Email: Lugar ng Serbisyo ng San Jose Hills: sanjosehills@swwc.com Lugar ng Serbisyo ng Whittier/La Mirada: whittierlamirada@swwc.com

Ang isang kopya ng Aplikasyon at anumang kaugnay na mga dokumento ay maaari ring suriin sa **www.swwc.com/suburban/general-rate-case/**

**Makipag-ugnayan sa CPUC**

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga proseso ng CPUC, maaari kang makipag-ugnayan sa Public Advisor's Office ng CPUC sa:

Telepono: **1-866-849-8390** (toll-free) o **1-415-703-2074**
Email: Public.Advisor@cpuc.ca.gov
Koreo: CPUC Public Advisor’s Office
505 Van Ness Avenue San Francisco, CA 94102

Mangyaring isangguni ang **Application 23-01-001** sa anumang mga pakikipag-ugnayan na mayroon ka sa CPUC tungkol sa bagay na ito.